# TRIBUHADA

**Eulalio R. Guieb III**
Departamento ng Brodkast
Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

## ABSTRAK

Ang sanaysay na ito ay buhat sa dalawang araw na obserbasyon sa komunidad kostal sa Barangay Bagong Karsada sa Naic, Cavite at pakikipanayam sa ilang piling mangingisda noong Mayo 16-17, 2010. Idinodokumento ng sanaysay na ito ang piling karanasan ng mga mangingisda tungkol sa mga pangyayaring sa tingin nila ay may kinalaman sa negatibong pagbabago ng panahon. Pinagtuunan ng pansin ang panayam at kuwentong buhay ng isang mag-asawang mangingisda ng Barangay Bagong Karsada, na kapwa lider ng Samahang El Gancho, isang organisasyon ng mga mangingisda sa Cavite.

Mga susing salita: climate change, tribuhada, komunidad kostal, mangingisda, Cavite, Ondoy, Milenyo

This essay is a result of a two-day observation trip to a coastal community and interviews with key fisher informants in Barangay Bagong Karsada in Naic, Cavite on May 16-17, 2010. The study highlights select experiences by fishers in the area that they felt have something to do with negative changes in the climate. The research focused on the life stories of a couple in the barangay who are both leaders of *Samahang El Gancho*, an organization of fishers in Cavite.

Keywords: climate change, tribulations, coastal community, fishers, Cavite, *Ondoy, Milenyo*

## Pasasalamat:

Nais kong pasalamatan ang dalawang pangunahing respondent ng pananaliksik na ito, sina Nay Ros (Rosario Mendoza, 58 taong gulang nang kapanayamin) at Tay Raf (Rafael Mendoza, 62). May pahintulot ang paggamit ng kanilang tunay na pangalan. Salamat rin sa kanilang mga kasamahan sa Samahang El Gancho, isang organisasyon ng mga mangingisda sa Naic, Cavite na kabilang sa NAMAMANGKA o Nagkakaisang Maliliit na Mangingisda ng Kabite. Pasasalamat rin kay Elmer Ferrer ng College of Social Work and Community Development ng Unibersidad ng Pilipinas sa pagbibigay ng puwang na maisagawa ang maikling pag-aaral na ito.

Ahit-pari ang langit.[1] Subalit noong araw na iyon, kakaiba ang ahit-paring tabas ng karimlan. Hindi ito tulad ng mga kinagisnan nilang senyales ng paparating na tribuhada.[2] May nakalawit na manipis at tulisang hangin sa ilalim ng ahit-paring langit. Wari itong buntot ng demonyo, nakausli sa ilalim ng mga ulap. Senyales ito na namumuo na ang isang buhawi. Dahan-dahang humaba't bumaba ang nakalawit na hangin hanggang halos marating nito ang lupa. Manipis at matalim ang guhit ng namuong buhawi. Sa anyo nito ay para itong kurdong umbilikal na nagdurugsong sa langit at lupa. Nagsisimula nang magngitngit ang langit at nagsisimula na ring mag-alburoto ang dagat at bukid.

May kung anong kabog sa dibdib ang naramdaman nila, lalo na nang magsimulang maglakbay ang manipis na buhawi mula sa pusod ng dagat papaloob sa kalupaan. Ilang saglit lang, mabilis na kumaripas patungo sa mga pamayanan ng kanilang bayan ang matalim na guhit ng hangin, kumakapal sa tuktok, tahimik subalit may kimkim na ingay at ungol. Ang pagbabanta ay isa nang trahedyang may hatid na tiyak na paghahawi ng maraming buhay sa mga daraanan nito.

At iyon nga ang nangyari. Gumulong patungong San Jose – na sakop ng Ternate, Cavite – ang manipis na buhawing nakalawit sa makapal, maitim at tila bundok-bundok na mga ulap.

Tanaw ng mag-asawang Raf at Ros at ng kanilang mga kababaryo sa Barangay Bagong Karsada ang paggulong ng buhawi mula sa kanilang barangay na sakop ng Naic, Cavite.

Wala pang bente-kuwatro oras ay umabot sa kanila ang balitang limampung kabahayan sa San Jose ang sinalanta ng buhawing iyon. Sinagasaan rin nito ang *community resource center* sa Barangay Malainin Bago na sakop ng Naic. Muli, may kung anong kabog daw sa dibdib ang naramdaman nila nang umabot sa kanilang kaalaman ang mga kuwentong ito.

Sanay naman na raw silang makapanood ng mga nakakikilabot na pormasyon ng mga ulap at bugso't hagupit ng hangin. Subalit sa tanang buhay nila ay noon lamang daw nila nasaksihan kung paanong ang ipinapanganak na banta ng karimlan ay naging ganap na unos na manganganak naman ng mga trahedya. Hindi raw nila malilimutan ang pangyayaring iyon ng 2009.

At noon ding 2009, sa kasagsagan ng bagyong Ondoy ay binaha ang bayan ng Naic. Sa abot ng batid nina Tay Raf at Nay Ros ay kauna-unahan iyong pagbaha nang ganoon kataas sa kanilang lugar. Hanggang tuhod ang tubig-baha sa loob ng kanilang bahay. Limang bahay buhat sa kanilang barangay ang tinangay ng baha. Sa kauna-unahan ring pagkakataon – sa abot muli ng batid nina Tay Raf at Nay Ros – ay bumaha nang lagpas-tao sa ilang bahagi ng Naic. Kailanman ay hindi raw nila ito naranasan mula nang sila'y magkamalay bilang tao. Muli, sa kauna-unahan ring pagkakataon – at sa abot muli ng kanilang malay – ay binaha ng hanggang pitong talampakan ang Barangay Sapang ng bayan ng Ternate.

Dati na raw silang binabaha ngunit hindi katulad ng dalang baha ng Ondoy: lagpas tao at magdamag. Binaha na rin sila noong taong 2007 dahil sa bagyong Milenyo ngunit tumagal lamang ng tatlong oras ang hanggang dibdib na baha nito. Malakas ang bagyong Milenyo ngunit maraming dalang ulan ang bagyong Ondoy kaysa Milenyo.

Kakambal raw ng mga bahang ito ang kaba sa kanilang dibdib, isang tila wala raw katapusang alinlangan. Para sa akin, panunulay iyon sa buhay at kamatayan.

Sanay naman daw silang magtaka sa panahon. Ganoon naman daw talaga ang panahon: pabago-bago. Bilang mga mangingisda ay sanay na sanay raw sila sa

mabilisang pagbabago ng panahon: mga biglang ragasa ng ulan o mga walang pahiwatig na pagbisita ng unos. Subalit kakaiba na raw ang mga pagbabagong nasasaksihan at nararanasan nila nitong mga nagdaang taon. Sa kanilang tantsa ay mahigit na rin daw sa isang dekada ang ganitong di-tiyak na pagbabago, na kung tutuusin, anila, ay nagkakaroon na ng katiyakan. Isang bagay raw ang tiyak sa mga kawalang katiyakang ito: kakaiba at may hatid na hilakbot ang mga pagbabagong ito ng panahon.

Minsan ay nagtaka rin sila sa kakaibang katahimikan ng dagat. Isang araw noong buwan ng Mayo 2010, pauwi buhat sa Bataan sina Tay Raf at Nay Ros. Kahahatid lang nila sa kanilang bangka ng mga bisitang Hapon mula Naic hanggang Corregidor. Naligaw raw sila sa kanilang pag-uwi sa Naic. Sa edad na kanilang inabot sa dagat, kapado na nila ang mga palatandaan ng paglalakbay sa dagat. Hinihinuha nila ang mga palatandaang ito sa mga bundok at isla.

Subalit noong Mayo a-tres na iyon, ibang klase, anila, ang tanghaling tapat na iyon. Iniligaw raw sila sa dagat ng malabong timpla ng kapaligiran. Hamog sa init ang tawag nila sa ganitong kondisyon ng paligid: maliwanag at matindi ang sikat ng araw subalit malabo ang buong kapaligiran. Sa biyahe ay tinatabo na raw ni Nay Ros ang tubig-dagat na nasa loob ng kanilang bangka na ibinubuhos naman niya sa kanyang katawan para maibsan ang init. Dahil sa kalabuan ng paligid, wala silang makitang bundok o islang maaaring hanapan ng mga giya o palatandaan sa biyahe.

At malinis ang dagat ng mga oras na iyon. Ibig sabihin, wala ni isang mangingisda ang nangahas pumalaot sa tindi ng init ng araw, na hindi naman daw dati-rating kinatatakutan ng mga nangangawil o nanlalambat.

Katulad raw siguro ito ng takot – mapagliming takot – na naramdaman ni Tay Ros nang ikuwento sa kanya ng kanyang mga anak na tila dahan-dahan na raw pumuputi ang Pinagbaklaran, isang bahurang kulang-kulang sa dalawang kilometro ang layo buhat sa kanilang pampang. Hindi naman daw ganoon kalalim ang bahurang ito. Sa ilang panahong pagsisid ng mga anak nina Tay Raf at Nay Ros ay iyon nga raw ang napansin nila: namumuti ang Pinagbaklaran, kung bakit ay hindi nila alam. Wala naman daw silang alam sa kanilang lugar na gumagamit ng cyanide sa kanilang paninisid upang pumuti nang ganoon ang bahura ng Pinagbaklaran.

Hindi pa nagawang kumpirmahin ni Tay Raf ang kuwentong ito ng kanyang mga anak. Noong kanyang kabataan ay sumisisid rin si Tay Raf sa Pinagbaklaran, subalit nitong kanyang katandaan ay hindi na siya sumisisid. Gusto nga raw niyang sumisid muli sa Pinagbaklaran upang tiyakin ang ikinuwento sa kanya ng kanyang mga anak. Sa isip ko, nag-uubanin din pala ang bahura.

Maging mga isda ay tila naliligaw na rin daw yata sa dagat. O kung hindi man maligaw ay tila lagi naman daw itong nagmamadali. Matulin ang pagbisita ng mga ito sa kanilang karagatan, sintulin ng pagbisita ng mga ibong dayo.

Dati naman na raw matulin ang pagbisita ng mga talakitok, suwagan, alumahan, hasa-hasa at alamang sa kanilang dagat. Kadalasan raw dumaraan ang mga ito sa panahon ng amihan, na nagsisimula ng Nobyembre o Disyembre. Subalit dahil sa kapal ng populasyon ng mga isdang ito ay umaabot ng hanggang tatlong buwan ang biyahe ng kabuuang populasyon ng mga ito. Ganoon karami ang mga isda kaya tila matagal ang pamamalagi ng mga isda sa kanilang dagat.

Pero nitong nakaraang dekada ay napansin nilang hindi na raw ganoon katulin ang pagtawid ng mga isda. Halos isang buwan na lang daw ang pagbisita ng mga isdang ito, kung bakit ay hindi pa nila tiyak. Anila, maaaring sa pinagmulan nito ay isa-isa na

silang nalalagas, nauubos. At dahil lumiliit na ang bilang ng mga isdang ito ay hindi na nangangailangan ng tatlong buwan ang kabuuang populasyon ng mga isda para tumawid sa karagatan ng Naic. Sabi ni Tay Ros, hindi umigsi ang pagdalaw ng mga isda. Kumonti ang mga isda at hindi na sila kasya sa tatlong buwan. Sa isip ko, marunong din kayang magtampo ang mga isda? Anong mayroon ang dagat nina Tay Raf at Nay Ros na maaaring pinaghinampuhan ng mga isdang ito?

Maging mga ilog ay tila nabibilaukan. Umabot sa kaalaman ni Nay Ros na bumababaw ang ilog sa Barangay Ul-ong sa Ternate. Bunga raw ito ng pagtagas sa ilog ng lupa buhat sa mga nakapaligid na bukirin at pamayanan. Lalo itong bumabaw nang magkasunod na humampas ang mga bagyong Ondoy at Peping noong 2009. At kapag bumababaw ang ilog ay tiyak na lagi't laging aapaw ang tubig ng mga ilog patungo sa mga bukid at mga pamahayan. Pinapatag na kaya ng kalupaan ang mga ilog? O baka naman binababawi lang ng mga ilog ang mga dati nitong lagusan na inagaw ng mga pamayanan ng tao at mga gusali ng negosyo't kapital?

Maging ang mga pampang ay naaagnas. Ang mga lugar na dating nakaungos, ngayon ay umatras na, parang bagong damit na umurong sa unang labahan. Unti-unting kinakain ng dagat ang mga pampang sa barangay nina Tay Raf at Nay Ros. Ang iba pang lugar na nauka na ng dagat ay ang karatig na barangay ng Mabolo at Labac, na kapwa sa Naic matatagpuan. Umatras na rin daw nang halos isang kilometro ang ilang pampang sa barangay ng San Juan sa Ternate.

Tila gutóm nga yata sa lupa ang dagat. Dati ay kailangan pang magpunta nina Nay Ros sa talpukan ng alon para matanaw ang iskuwelahan sa katabing barangay, ang Naic Coastal Municipal High School. Sakop ng bayan ng Labac ang iskuwelahang ito. Dahil nauka na ang lugar malapit sa kinatatayuan ng iskuwelahan ay tanaw na nila buhat sa pampang ng kanilang lugar ang gusali ng paaralan. Dati rin ay malayo ang iskuwelahan sa talpukan ng alon. Ngayon ay katabi na mismo ng bakod ng iskuwelahan ang talpukan ng alon. Ibig sabihin, nauuka na ang pampang, kinakain na ito ng dagat.

Tila nanlalapa ang dila ng dagat. Sa bawat pagkati at pagsulong ng dagat ay ang mahinahong paglapa nito sa mga lupa't buhangin.

Kakatwang isiping ang barangay nina Tay Raf at Nay Ros ay tinatawag na banlik-lupa. Ibig sabihin, nabuo ang kanilang lugar sa pagdala ng dagat ng lupa at buhangin sa gilid ng kanilang daigdig. Sa madali ring salita, dagat ang naghatid ng lupa sa dalampasigan na kung tawagin nila'y talpukan ng dagat. Subalit, inaagaw o binababawi na rin daw yata ng dagat ang banlik na dati nitong ipinansalubong sa talpukan ng tubig-dagat at kalupaan ng daigdig.

Sa ngayon ay malawak pa rin naman ang kanilang dalampasigan, kung saan ay nangagtayuan na ang napakaraming mga kabahayan. Sina Tay Ros at Nay Raf ang kauna-unahang nanirahan sa banlik-lupang ito noong 1989 nang lumipat sila rito buhat sa lupa ng mga magulang ni Nay Ros. Hindi naman kalayuan ang kanilang pinanggalingan. Dati raw itong masukal. Noon ay marami ritong siniguwelas at bayabas. Mayroon ding aroma, kamatsile at tuba-tuba. Hinawan nila ang mga ito upang maging tirahan nila. Dati raw ay tanaw nila ang buong karagatan sa harapan ng kanilang bahay. Pero dahil lumawak ang banlik-lupa, lumawak ang dalampasigan sa harap nila na pinagtayuan na ng iba pang bahay ng mga nagsipuntahan sa lugar.

Dati-rati rin ay sa tapat lang iniaangkla ni Tay Raf ang kanyang bangka. Pero ngayon ay iniusod na niya ito mas malapit sa kasalukuyang pampang. Lumawak na ang pampang; ibig sabihin, lumawak ang banlik-lupa. Kakatwang isipin na sa paglawak ng

banlik-lupa kina Tay Raf at Nay Ros ay siya namang pag-urong ng maraming dalampasigan sa ibang lugar. Sa isip ko, paanong pinipili ng dila ng dagat ang lugar na isusubo nito o bubugahan ng lupa't buhangin?

Pero kapag malakas daw ang alon ay tumatalpok ang dagat sa mga bahay na malapit sa pampang. Pagpaparamdam din kaya ito na babawiin na rin ng dagat ang lupang ipinahiram nito sa Barangay Bagong Karsada?

Madaling hanapan ng paliwanag ang lahat ng mga pangyayaring itong nagaganap sa buhay nina Tay Raf at Nay Ros. Subalit hindi ganoon kadaling tiyakin kung alin sa mga sagot ang mas malapit sa katotohanan ng mga bagay. Nagbabagong panahon, na mas kilala ngayon sa tawag na '*climate change*?' E dati naman nang nagbabago ang panahon, anila. Ang mahalagang alamin, anilang muli, ay bakit nagbabago ang panahon. Nagkaisa na ang mga siyentipiko na ang mga huling pagbabago sa panahon ay dahil sa natural na galaw ng kapaligiran at sa malaking ambag ng lahat ng gawi at kilos ng sangkatauhan. Pero madaling isisi sa tao ang mga bagay na ito; ang mahirap hagilapin ay sino sa mga taong ito ang siyang may higit na kontribusyon sa mga negatibong pagbabagong nagaganap sa panahon.

Ang isang malaking pangambang kinatatakutan nina Tay Raf at Nay Ros ay baka sa kanila na namang mga maliliit na mangingisda ibaling ang sisi. Iyon, para sa akin, ang higit na tribuhada sa kanilang buhay.

Lalo nitong mga nagdaang taon na may banta rin ng pagpapaalis sa kanila ng pamahalaan dahil pinaplano nang gawing isang malaking *container port* ang kahabaan ng kanilang barangay, kasama ang mga karatig na barangay ng Mabolo, Labac, at Bangkaan. Noon pang 1994 ay nanganganib nang paalisin ng pamahalaang lokal ang mga mangingisda sa kanilang kasalukuyang pamayanan. Kung matutuloy ang proyektong ito ay mawawalan rin ng saysay ang itinayo nilang sangtuwaryo na isa raw sanang ambag nila sa pangangalaga ng kanilang karagatan.

Pangamba ni Nay Ros, saan daw niya bibitbitin ang kanyang mga anak sakaling mapataboy sila sa kanilang lugar? Dati-rati ay kaya pa niyang bitbitin ang kanyang mga anak. Ngayon ay malalaki na ang mga ito at baka siya na raw ang bitbitin ng mga ito sa oras na sila ay palayasin sa kanilang lugar.

Noon kasing kasagsagan ng kanilang laban sa pagtatayo ng *container port* sa kanilang lugar ay laging bitbit ni Nay Ros ang isa niyang anak – na noon ay dalawang taon pa lang – sa tuwing siya ay dumadalo ng mga pulong sa barangay hanggang sa mga pulong sa munisipyo sa kabayanan. "Biyabit ko ang anak ko," ani Nay Ros; ibig sabihin, kahit saan daw siya magpunta ay kilik-kilik niya ang kanyang anak. "Epoxy ako ng asawa ko," dugtong niya; ibig sabihin, kapalit si Nay Ros ng kanyang asawa sa lahat ng gawain ng huli sa kanilang organisasyon ng mga mangingisda. Noon kasing sinasalungat nila ang proyektong *container port* ay nagtatrabaho sa Saudi si Tay Raf. Tumayo noon bilang tatay at nanay si Nay Ros, at tumayo rin siya bilang kapalit ng kanyang asawa sa mga pananagutan nito sa Samahang El Gancho, ang organisasyon nilang mga mangingisda sa Naic. Kabilang ang El Gancho sa NAMAMANGKA o Nagkakaisang Maliliit na Mangingisda ng Kabite. Halaw ang pangalan ng organisasyon sa gancho, na isang uri ng panghuli ng isda. Ito ay isang malaking hook. Gawa sa metal ang hook at sa kahoy naman ang tatangnan. Ginagamit itong panghagod o panghatak sa anumang malaking huling isda.
Buhat noon ay tuloy-tuloy na ang pakikisangkot ni Nay Ros hindi lang sa organisasyon ng mga mangingisda kundi sa lahat na rin halos ng isyung kinakaharap nila sa kanilang barangay. Kalihim siya ng El Gancho noong panahon ng panayam, at halos walang

pahinga siya sa pagtupad sa tungkuling ito. Bise-presidente naman ng organisasyon si Tay Raf.

Mula unos na dulot ng kapaligiran (na puwedeng natural o gawa ng tao) hanggang mga unos na dulot ng tao tulad ng isyu ng container port (na may epekto sa natural na kapaligiran at sa mga gawain ng tao) ay lagi't laging nakadukwang ang trahedya. Subalit lagi't lagi ring nagsusuri ang mga tulad nina Tay Raf at Nay Ros.

Bagama't tila lahatang-panig ang tribuhada sa kanilang mga buhay, lahatang-panig rin ang pakikisangkot nila sa pagtubos ng kanilang mga buhay, may kabog man sa dibdib o wala.

## MGA TALA

[1]Ahit-pari ang langit: nahahati ang kalangitan sa dalawa. Sa ilalim ng hati ay madilim, malinis ang paligid. Maulap naman ang itaas; kumpol-kumpol at bukol-bukol ang ulap. Ang ahit-paring langit ay senyales ng paparating na malakas na hangin at ulan.

[2]Tribuhada: isang mabilis subalit malakas na bugso ng hangin at ulan na parang bagyo. Nagaganap ito kadalasan mula Hunyo hanggang Agosto. Ang maaaring katumbas nitong salita ay 'unos.' Ang salin nito sa Ingles ay 'tribulations.'

* * *

Si **Eulalio R. Guieb III** ay may PhD sa antroplohiya buhat sa McGill University. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng kultura, etnograpiya, kaunlaran, pagsulat ng drama sa telebisyon at pananaliksik sa Departmento ng Brodkast ng Unibersidad ng Pilipinas. Kasalukuyan siyang punong patnugot ng *Social Science Diliman: A Philippine Journal of Society and Change*. Kasalukuyan niyang isinasagawa ang pananaliksik at dokumentasyon sa video ng isang epiko ng mga Kalamianen Tagbanua sa hilagang Palawan.